

EDITORIAL

Buong-tapang na makibaka para wakasan ang tiraniya ni Duterte!

Buong-tapang na makibaka upang wakasan ang salot na paghaharing tiraniko ni Duterte sa lalong madaling panahon. Bawat saglit na nagpapakasasa siya sa kapangyarihan, lalong bumibigat ang pasanin at pasakit ng bayan.

Sa ilalim ng kanyang magtatatlong taon nang paghahari, lalong dumausdos ang kabuhayan ng mamamayan at sumadsad ang ekonomya. Lumalala ang disempleyo, bumigat ang pasaning buwis at pumaimbulog ang presyo, habang nananatiling nakapako ang sahod at mababa ang kita ng mamamayan. Lumalala ang problema sa droga, at ang guberno niya mismo ang numero uno ngayong sindikato.

Sa kabilang panig, tuluy-tuloy ang paglaki ng yaman ni Duterte at mga kasapakat na burukratang kapitalista at oligarko mula sa mga

kontrata ng guberno at pagdambong sa kabang-bayan. Sunud-sunuran siya sa mga dikta ng mga dayuhang kapangyarihan at isinuku ang pambansang soberanya at patrimonya.

Namamayagpag ang kapangyarihan ni Duterte sa buong bansa. Gamit niya ang buong armadong lakas at rekurso ng estado para sa pandarahas at panlilinglang. Pinatatahimik ang kanyang mga kritiko, mga aktibista, abogado at midya. Sinusupil ang paglaban ng mamamayan. Walanghabas ang mga pagpatay, pagsalakay

"Wakasan..." sundan sa pahina 2

4 na armas, nakumpiska ng BHB-Samar

APAT NA ARMAS ang nakumpiska ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar matapos ang matagumpay na reyd sa detatsment ng Alpha Company, 63rd IB sa Sityo Little Lanubi, Barangay Lanubi (EJ Dulay), Lao-ang, Northern Samar noong Mayo 21, alas-4 ng umaga. Pinasabugan ng BHB at pinaputukan ang detatsment. Nakumpiska sa reyd ang tatlong ripleng R4, isang pistola, mga magasin, bala at iba pang gamit-militar. Tatlong sundalo, kabilang ang dalawang upisyal, ang napatay sa loob ng 30-minutong labanan. Samantala, binigyan-pugay ng BHB si Ka Yulo na namartir sa opensiba.

Ang 63rd IB ay isa sa mga batalyong ginamit sa pananalakay sa Marawi. Nang ibinalik sa

"4 armas..." sundan sa pahina 3

"Wakasan...", mula sa pahina 1

sa buo-buong komunidad, pag-aaresto at pagbibilanggo.

Hawak ni Duterte ang buong burukrasya, armadong pwersa at lahat ng sangay ng gubyrerno. Para habampanahong makaiwas sa pananagutan sa kanyang mga krimen, ambisyon niyang palawigin lagpas sa 2022 ang kapangyarihan at pribilehiyong tinatamasa niya at ng kanyang pamilya at kasabwat.

Subalit anupaman ang lakas at kapangyarihan ni Duterte, hindi kailanman mapupuksa ang hangarin ng bayan na lumaya sa tiraniya at pagsismo. Hindi sila tuluyang mabubusalan sa kanilang sigaw para sa katarungan at demokrasya.

Karapatan ng sambayanang Pilipino na labanan at ibagsak ang isang gubyrernong yumuyurak sa kanilang komun na interes at walang habas na lumulupig sa kanila. Tulad ng ginawang pagbabagsak sa rehimeng Marcos (1986) at Estrada (2001), walang ibang marapat na gawin kundi ang patalsikin ang malupit, magnanakaw, pahirap at traydor na rehimeng Duterte.

Sa sambayanang Pilipino: tibayan ang loob upang harapin ang mahirap na pakikibaka laban sa pasingtong rehimen at ituwid ang takbo ng kasaysayan ng bansa. Kung magbubuklod at isang hanay na magmamartsa ang mamamayan, sila'y magiging isang di magagaping pwersang pampulitika at pwersa ng pagbabago.

Buoin ang organisadong lakas ng bayan. Imulat ang mata sa tunay na kalagayan ng bansa. Hablutin ang piring ng mga kasinungalingan at pambabaluktot ni Duterte. Magpursigeng tuklasin, unawain at isiwalat ang tunay na kalagayan ng bansa, ang kawalang demokrasya at kawalang kalayaan, ang paghahari ng iilang oligarko, mga burukratang kapitalista at pasista, at ang pang-aapi at pagsasamantala nila sa masang anakpawis.






Bigyang-pansin ang mga usaping pambayan at panggubyrerno. Itakwil ang kawalang pakialam. Iugnay at sapulin ang ugat ng araw-araw na mga problema at hinaing. Maging mag-aaral ng kasaysayan, pulitika at ekonomya.

Mahigpit na magkaisa. Iwaksi ang pagkakanya-kanya. Ang kabutihang ng isa ay naka-ugnay sa kabutihang ng lahat. Ibuhos ang lahat para buuin at palawakin ang mga organisasyon ng masa. Palakasin o itatag ang mga unyon sa mga pabrika. Buuin at palawakin ang iba't ibang samahang masa na nagbubuklod sa mayorya o higit na nakararami sa mga paaralan, upisina at komunidad.

Sama-samang kumilos at ipahayag ang mga hinaing sa mga usaping lokal, pansektor at pambayan. Makibaka para sa umento sa sahod at karapatan ng mga manggagawa, para ibaba ang upa sa lupa o interes sa pautang at makatarungang presyo ng palay o iba pang produkto, laban sa pagtaas ng matrikula o pagtalikod ng estado sa edukasyon, laban sa demolisyon, laban sa mga di makatarungang mga bayarin, at ibang kagyat na kahilingan. Idugtong ang mga ito sa mas malalaking usaping pambansa at ikawing sa pakikibaka para wakasan ang tiranikong paghahari ni Duterte.

Tungkulin ng mga aktibistang masa na pukawin, organisahin at pakilusin ang daan-daan libong mamamayan sa kalunsuran at kanayunan. Maging makina ng malawakang pag-aaral at pagpopropaganda sa masa. Pamunuan ang mga talakayan, magtalumpati sa mga pulong, mamigay ng mga polyeto sa kalye at magpinta o magpaskil sa pader ng mga panawagan. Kumbinsehin lahat na sama-samang kumilos at lumaban. Ihatid sa masa ang mensahe at mga panawagan ng Partido.

Pilit na pinagwawatak-watak ni Duterte ang bayan upang patuloy siyang makapamayagpag at makapaghari ang mga buhong na tulad niya at kanyang mga alipures at kasapakat. Kung organisado o sama-samang kikilos ang milyun-milyong mamamayan, walang kapangyarihang makahahadlang sa kanilang kapasyahang patalsikin si Duterte, isulong ang pagbabago at itakda ang tadhana ng bansa. **AB**

 <p>Tomo L Blg. 12 Hunyo 21, 2019</p> <hr/> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p> <p> instagram.com/progressiveviews</p> <p> @prwc_info</p> <p> fb.com/groups/phrevolutionnewsroom</p> <p> cppinformationbureau@gmail.com</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p>Editorial: Buong-tapang na makibaka para wakasan ang tiraniya ni Duterte! 1</p> <p>4 armas, nakumpiska ng BHB-Samar Duterte, duwag sa China at US Nagpapapasang mga burukrata 1</p> <p>2nd IB: Mga berdugo 3</p> <p>8 pagpaslang sa 7 araw 3</p> <p>Mamamahayag, nagkaso 4</p> <p>Demolisyon sa ngalan ng negosyo 5</p> <p>Panawagang imbestigasyon ng UNHRC 6</p> <p>Mga pakanang kontra-magsasaka 6</p> <p>Pagsasabatas ng kontraktwalisasyon 7</p> <p>Pakanang neoliberal sa edukasyon 7</p> <p>Kalagayan ng mga guro 8</p> <p>Mga problema sa transportasyon 9</p> <p>Pribatisasyon ng Clark Airport 9</p> <p>Nakakasukang korapsyon 10</p>
<p style="text-align: center;">Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

Northern Samar, nagsilbi itong pwersang panseguridad ng pribadong kontraktor na naglalalatag ng proyektong kalsada sa lugar.

Matapos ang opensiba, kinanyon ng militar ang barangay at pinagbantaan ang mga residente.

Quezon. Inambus noong Hunyo 13 ng isang yunit ng BHB-Quezon ang hindi bababa sa 30 elemento ng 85th IB na nagpapatrulya sa Sityo Tanauan sa Barangay Villa Nacaob, Lopez, Quezon. Dalawang sundalo ang agad na napatay matapos bugsoan sila ng putok ng nakatambang na mga Pulang mandirigma.

Bahagi ang nagpapatrulyang yunit sa operasyong pagtugis ng 85th IB sa isang yunit ng BHB na sumalakay sa kanilang tropa noong Hunyo 11 sa Sityo Bunga sa parehong barangay. Hunyo 7 pa nagsimula ang operasyong kombat ng naturang batalyon sa lugar. Mahigit 200 tropa ng pinagsanib na AFP-PNP-CAFGU ang humalihaw sa tatlong bayan sa Quezon (Lopez, Macalelon, Catanauan) at sumaklaw sa 16 na barangay. AB

Duterte, duwag sa China at US

Ganap na karuwagan sa China ang ipinamalas ni Rodrigo Duterte na maninindigan ayon sa soberanong interes ng Pilipinas kaugnay ng insidente sa Recto Bank noong Hunyo 9. Malawak ang panawagang papanagutin ang China sa pagbangga at pag-iwanng isang *trawler* (bangkang palakaya) nito sa mas maliit na bangkang pangisda na may lulang 22 Pilipino.

Sa halip, inulit lang ni Duterte ang palusot ng China na "simpleng aksidente sa dagat" lamang ang ganap. Tinabunan niya ang mas mabigat na katunayang isang bangka ng China ang nangingisda sa loob ng teritoryong dagat ng Pilipinas.

Ang insidente sa Recto Bank ay patunay ng tumitinding arogansya ng China sa mga paglabag nito at pagdambong ng teritoryong dagat ng Pilipinas. Ang ganitong kawalang-pananagutan ng China ay resulta ng pag-asal alipin ni Duterte sa China at ganap na kabiguang itaguyod ang soberanong mga kapapatan at batas ng Pilipinas.

Duwag si Duterte dahil bayad siya ng China. Takot siyang mawala ang ipinangsuhol sa kanyang milyun-milyong dolyar at iba pang pabor na natatanggap niya at kanyang mga kasapakat kapalit ng mga pabigat at masamang pautang mula China.

Sa kabilang banda, walang-ikimik at maamo si Duterte sa harap ng ingay at banta ng interbensyong militar ng US. Sinamantala ng US ang insidente sa Recto Bank at nagdeklarang maaari umano nitong "i-aktiba" ang Mutual Defense Treaty. Kasunod nito'y inianunsyo ng US na paglalayagin nito sa South China Sea ang USS Stratton, isang Coast Guard cutter, para "protektahan" ang teritoryo ng Pilipinas. Pinatataas ng US ang banta ng armadong komprontasyon o gera sa China kung saan gamit ng US ang Pilipinas bilang lunsaran.

Maliban sa mga pasilidad-militar na itinayo ng US sa iba't ibang dako ng Pilipinas, nagmamantine din ito ng presensya sa kanlurang bahagi ng karagatan ng Pilipinas. Layunin nitong magpakitang-gilas ng lakas-militar sa mga ruta ng kalakalan sa South China Sea. AB

Nagpapasasang mga burukrata

Hindi lamang si Rodrigo Duterte ang may di-maipaliwanag na paglobo ng yaman habang nakaupo sa guberno. Noong 2018, nagtaasan ang halaga ng 15 upisyal ng kanyang gabinete ayon sa isinumite nilang Statement on Assets, Liabilities and Network o SALN. Pitong kongresista naman—karamiha'y kaalyado ng nakaupong rehimen—ang nakita ng paglobo ng yaman sa loob lamang ng isang taong panunungkulan.

Sa gabinete, nananatiling pinakamayaman sa gabinete si Mark Villar, kalihim ng Department of Public Works and Highways, na nag-ulat ng halagang P1.408 bilyon. Pinakamalaki naman ang paglobo ng yaman ni Alfredo Cusi, kalihim ng Department of Energy, na nag-ulat ng P29 milyong dagdag sa dati na niyang yaman na P1.356 bilyon noong 2017.

Sa Mababang Kapulungan, pinakamalaki ang iniyaman ng nego-

syanteng si Delphine Lee ng partidong Agri Party. Lumaki ang kanyang halaga nang 400% mula P50 milyon tungong P254 milyon noong 2018. Gayunpaman, mas malaki pa rin ang iniyaman ng burgesya kumprador na si Michael Romero ng partidong 1-Pacman. Nadagdagan ang yaman ni Romero nang P567 milyon mula P7.291 bilyon sa 2017 tungong P7.858 bilyon noong 2018. Ginamit ng mga burukratang ito ang sistemang party list para



ipwesto ang sarili sa Kongreso at kumopo ng matatabang kontratang pampubliko. AB

2nd IB: Berdugo ng Masbate at Albay

Abot sa 1,000 residente mula sa walong barangay sa Cawayan, Masbate ang nagprotesta sa harap ng munisipyo noong Hunyo 3-8. Kinundena nila ang matinding militarisasyon at iginiit na palayasin ang mga sundalo ng 2nd IB na umokupa sa kanilang mga komunidad mula pa Mayo 20.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Masbate (KMM), dumarami ang bilang ng paglabag ng 2nd IB sa karapatang-tao at pagwasak sa kabuhayan ng mga magsasaka.

Noong Mayo 22, sapilitang pina-sok ng mga elemento ng 2nd IB ang kabahayan at binugbog ang mga myembro ng KMM. Ninakaw din ang P12,400 ipon ni Rosemarie Erero, myembro ng KMM, at sapilitang inaresto ang kanyang kapatid na si Nilo Erero Jr.. Dinukot at pwersahang pinagtrabaho din ang mga magsasakang sina Danilo Landao, Arnel Punay, Jovanie Impas, Bobby Baybayon, Ondo Rondina, Tong-tong Pinar, Titing Delos Reyes, Ondoy Pinar at Boy-boy Sare.

Bukod dito, 11 magsasaka ang pilit na pinaggiya sa operasyon. Pinagbantaan ding papatayin ang dating barangay kagawad na si Danilo Cunel at pinagbawalan ang mga residente ng Barangay Dalipe na maglabas-masok sa kanilang barangay.

Ang mga kasong ito ay dagdag sa mahabang listahan ng mga krimen ng 2nd IB sa mamamayan ng Bicol. Mula sa mga karumal-dumal na pagpatay hanggang sa panunulisan, naghasik ng teror ang berdugong batalyon na ito sa Masbate at Albay nitong nagdaang mahigit sampung taon. Pinamumunuan ito ngayon ni Lt. Col. John Oliver F. Gabun at nakabase sa Barangay Bacolod, Milagros, Masbate.

Mamamatay-tao

Mula 2010, di bababa sa 41 ang naitalang sibilyang biktima ng pamamaslang ng 2nd IB, at anim ang biktima ng bigong pagpatay. Halos lahat sa mga biktima ay binansagang mga myembro o tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan. Dalawampu sa mga pamamaslang ang naganap sa Masbate sa loob ng

nagdaang huling tatlong taon.

Tampok sa mga krimen ng 2nd IB sa Masbate ang pagpatay sa dalawang bata at kanilang lola noong Abril 2017. Walang habas na pina-putukan ng mga sundalo, sa pamumuno ni Lt. Karlito John Cabillo, ang bahay ng mga biktima sa Barangay Panan-awan, Cawayan, Masbate. Namatay si Lita Villamor Pepito, 70, at ang magkapatid na Reden at Rechillen Luna, 9 at 11 taong gulang. Sugatan naman ang asawa ni Pepito na si Paoling.


Noong 2018, mula Agosto 26-Setyembre 7, pitong sibilyan ang pinatay ng mga berdugo. Lima sa mga biktima ay mga residente ng magkakatabing barangay sa mga bayan ng San Jacinto, San Fernando at Monreal. Ilang kabahayan din ang sinunog ng mga sundalo.

Karumal-dumal na mga pagpatay din ang isinagawa ng 2nd IB sa Albay nang nakadestino pa ito sa prubinsya mula 2006-2016. Dalawa sa mga biktima nito ang pinugutan ng ulo, isa ang sinunog at isa pa ay nilaslasan ng leeg. Dalawang masaker ang isinagawa nito sa prubinsya.

Mananalakay ng kabataan

Hindi ligtas ang mga bata at kabataan sa samutsaring krimen ng berdugong batalyon. Maliban sa magkapatid na Luna, dalawa ring kabataan ang biktima ng pamamaril ng 2nd IB sa Pioduran, Albay noong Abril 2012. Isa ang namatay at isa pa ang sugatan nang paputukan sila ng mga sundalo. Dadalo lamang sa sayawan ang magkaibigan.

Nang minasaker ng 2nd IB ang pamilyang Lotino sa Daraga, Albay noong Oktubre 2010, isa sa mga biktima ay menor de edad, habang matinding takot naman ang iniwan



ng mga berdugo sa tatlong batang nakaligtas sa pamamaslang.

Sa mga barangay na inookupa ng 2nd IB, ginagamit nila ang mga bata bilang mga pananggalang. Sa Guinobatan, Albay, naiulat ang mga kaso kung saan mga menor-de-edad ang ginagawang giya ng mga sundalo sa kanilang operasyon.

Tulisan

Sa Barangay San Jose sa Uson, Masbate, matapos pagnakawan ang mga residente noong Setyembre 2017, muling nangulimbat ang mga sundalo noong Agosto 2018 ng mga alagang hayop, kagamitan at pera ng ilang residente.

Sa Barangay Talisay sa San Fernando, Masbate, tatlong ulit namang pinagnakawan ng mga sundalo ang taumbaryo noong Mayo 2018. Pinamunuan mismo ni Lt. Col. Gabun ang krimen. Sapilitan niyang pinadalo ang mga residente sa isang pagpupulong, habang nililimas ng kanyang mga tauhan ang mga ari-arian ng taumbaryo. Kabilang sa iniulat ng mga residente na kinuha ng 2nd IB ang walong bangkang pangisda at mga lambat, bigas, puupuong alagang hayop, limang *generator* at mga gamit sa pagsasaka. Isang araw bago nito, apat na motorsiklo din ang tinangay ng mga sundalo. Hindi bababa sa 35 ang biktima sa 12 kaso ng pagnanakaw ng 2nd IB.

"Berdugo..." sundan sa pahina 5

Talamak ang panunulisan ng 2nd IB kahit noong nakadestino pa ito sa Albay. Bantog ang mga detatsment nito bilang mga pasimuno ng holdapan. Isinasama ng mga sundalo sa kanilang panunulisan ang mga rekrut sa Barangay Intelligence Network, at pangunahing tinatarget ang mga panggitnang pwersa na pinagbibintangang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. May naitala ring isang kaso ng panggagahasa ang mga holdaper ng 2nd IB.

Ligalig sa mga komunidad

Sa mga barangay na inokupa ng 2nd IB, sapilitang pinapagtrabaho ang mga residente upang magtayo ng mga kubo ng militar, pinaggu-gwardya at pinag-ronda. Laganap din ang pananakot at pagbabanta sa mga pinag-sususpetsahang myembro o tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan.

Mula 2010-2015, inokupa at niligalig ng mga operasyong "peace and development" ng 2nd IB ang mga barangay sa ikalawa at ikatlong distrito ng Albay. Sa Masbate, matindi ang mga krimen nito sa mamamayan sa una at ikalawang distrito.

Dagdag pa sa mga naiulat na kaso nito ang iligal na detensyon at pag-aresto sa 39 sibilyan, limang biktima ng tortyur at pananakit, at panggigipit sa walong sibilyan.

Unang nadestino ang 2nd IB sa Bicol noong 1986, at nagpalipatlipat sa mga prubinsya ng rehiyon. Makaraang sumailalim sa "muling-pagsasanay" noong 2006, tumindi ang mga kabuktutan ng batalyon nang ilipat ito mula Sorsogon pangtungong Albay. Dito ipinatupad ng 2nd IB ang brutal na mga kampanyang Oplan Bantay Laya 1 at 2 hanggang Oplan Bayanihan. Inilipat naman sa Masbate ang mga berdugo noong 2016 at doon ipinagpapatuloy ang kanilang mga krimen. AB

8 pagpaslang sa 7 araw

Sa loob ng isang linggo, walong aktibista at magsasaka ang pinatay ng mga armadong elemento ng estado. Iba't ibang insidente rin ng pandarahas at pananakot ang naranasan ng mga sibilyan sa iba pang panig ng bansa.

Dalawang istap ng Karapatan-Sorsogon ang pinagbabaril at napatay noong Hunyo 14 ng umaga. Nakasakay sa isang traysikel sina Ryan Hubilla at Nelly Bagasala, 69, nang paputukan sila ng dalawang armadong lalaki sa Phase 2, Seabreeze Homes Subdivision, Barangay Cabid-an, Sorsogon City.

Si Bagasala ay ilang dekada nang tagapagtanggol ng karapatang-tao. Humarap na siya sa walong-ampat na paninira at *Red-tagging* mula sa militar. Makailang-ulit na ring tiniktikan at ginipit sina Hubilla at Bagasala sa nagdaang mga buwan.

Kinabukasan, binaril at pinatay naman ang dating pinuno sa kampanya ng Bayan-Bikol na si Nephthali Morada sa Barangay San Isidro, Naga City.

Bago nito, magkasunod na pinatay noong Hunyo 9 at 10 ang mga magsasakang sina Arnie Espinilla sa Barangay Liong, at Sando Alcovindaz sa Barangay Buenavista, kapwa sa bayan ng San Fernando, Masbate. Pinatay sila ng grupo ni Sgt. Chalas, lider ng Peace and Development Team ng 2nd IB na sumasaklaw sa mga baryo ng Talisay, Altavista, Buenavista, Canelas, Del Rosario at Progreso. Pinagbibintangang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ang dalawa.

Noong Hunyo 14 ng gabi, pinuntahan ng mga sundalo ang bahay ni Pizo Cabug sa Barangay Buenavista at siya ay pinagbabaril hanggang mapatay. Kasapi si Cabug ng Masbate People's Organization.

Sa harap ng sunud-sunod na pamamaslang sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Bicol at ibang panig ng bansa, nagprotesta ang aabot sa anim na libo sa Naga City noong Hunyo 19. Tinawag itong "Kilos Bikolano laban sa



Tiraniya." Nagprotesta naman ang mga kasapi ng Karapatan sa harapan ng Department of National Defense sa Quezon City noong Hunyo 17.

Sa Bukidnon, binaril at napatay ng mga elemento ng estado si Nonoy Palma sa harapan ng kanyang bahay sa Sityo Malambago, Barangay Halapitan, San Fernando, noong Hunyo 16. Kasapi si Palma ng KASAMA, pamprubinsyang balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Nakilala ang isa sa tatlong bumaril sa kanya na kasapi ng paramilitar na Alamara.

Samantala, binaril at napatay si Felipe Dacaldacal, kasapi ng National Federation of Sugar Workers noong Hunyo 9 ng gabi sa Sityo Dita, Barangay Pinapugasan, Escalante City, Negros Occidental.

Pagpaslang sa nawalan na ng laban

Pinatay nang walang kalaban-laban ng 31st IB si Edwin "Ka Dupax" Dematera, kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sorsogon noong Hunyo 12. Binaril siya pagkatapos bugbugin sa labas ng kanyang bahay sa Barangay Incarizan, Magallanes, Sorsogon. Nasa lugar si Dematera para pansamantalang magpagaling ng namamagan niyang paa.

Matapos barilin si Dematera, pinasok ng mga sundalo ang kanyang bahay at kinumpiska ang gamit ng mga bisita ng kanyang pamilya. Iligal din nilang inaresto si Jemuel Non Saturay at dinala sa Camp Escudero sa Sorsogon City. Pinagbintangan siyang kasapi ng BHB at pinalabas na mayroong baril na kalibre .38.

Pinamumunuan ni Lt. Col. Randy N. Espino ang 31st IB na nakabase sa Barangay Rangas, Juban,

"8 pagpaslang...", sundan sa pahina 6

Sorsogon. Nadestino ang batelyong ito sa bahaging Camarines Norte noong dekada 1990. Inilipat sila sa Sorsogon noong 2011 at nakapakat sa prubinsya hanggang sa kasalukuyan.

Duguang rekord

Batay sa mga naitala ng *Ang Bayan*, simula 2014 ay may 18 biktima ng pagpaslang ang 31st IB. Kilala rin ang batelyon sa mga ilegal na pag-aresto, pagnanakaw, at sapilitang pagpasok sa bahay ng mga sibilyan. Marami na ring naitalang kaso ng pagpatay sa mga *hors de combat* ang batelyon.

Isa sa pinakamasahol na kaso ang walang-awang pagpapaulan ng bala sa bahay ng pamilya Garduque noong Mayo 2014 sa Matnog, Sorsogon. Inakusahang mga kasapi ng BHB ang mag-asawang Elias at Cynthia.

Binaril at napatay si Elias samantalang sugatan ang kanyang asawa. Tinamaan din ang kanilang isang taong gulang na sanggol. Siyam na oras na pinabayaan ng mga sundalo ang sugatanag mag-ina at pinigilan ang mga taga-baryo na tumulong sa kanila.

Ang berdugong batelyon din ang pumatay kay Teodoro "Tay Tudoy" Escanilla, 63, tagapagsalita ng Karapatan-Sorsogon, noong Agosto 2015. Pinagbaril siya sa kanyang bahay sa Barangay Tagdon, Barcelona sa Sorsogon. AB

Mamamahayag, iligal na inaresto

KABI-KABILANG PAGKUNDENA ANG sumalubong sa arbitraryong pag-aresto at detensyon sa batikang mamamahayag na si Fidelina Margarita Valle ng mga myembro ng Criminal Investigation and Detection Group Region 9 noong Hunyo 9.

Naghihintay si Valle ng kanyang byahe sa Laguindingan Airport sa Misamis Oriental pauwi ng Davao City nang siya ay arestuhin. Idinetine siya nang 12 oras sa bisa ng mandamyento laban sa isang Elsa Renton alyas Tina Maglaya at Fidelina Margarita Valle. Inakusahan siya ng pagpatay, panununog, tangkang pagpatay, at pagsira sa kagamitan ng gubyerno.

Ayon sa pamilya ni Valle, ang pag-aresto sa kanya ay malinaw na

panggigipit at pananakot dahil sa kanyang adbokasiya at paninindigan laban sa tiraniya ni Rodrigo Duterte. Napilitan ang PNP na palayain siya matapos itong malawakang kundenahin. Nangatwiran pa ang PNP na "napagkamalan" lamang nila si Valle at kunwa'y humingi ng dispensa. Hindi ito tinanggap ng pamilyang Valle, at nangakong magsasampa ng kaso laban sa CIDG.

Kasalukuyang kolumnista ng pahayagang Davao Today si Valle. AB

Kampuhan ng mga bakwit, binuwag

BINUWAG NG MGA pulis ang kampuhan ng mga bakwit na Lumad sa tabi ng kapitolyo sa Cagayan de Oro City noong Hunyo 18. Higit isang taon nang nakatigil rito ang mga Lumad mula sa Sityo Kamansi, Barangay Banglay, Lagonglong, Misamis Oriental dahil sa pagkampo ng militar sa kanilang komunidad. Bibigyang-daan ng okupasyon ng mga sundalo ang malalaking kumpanyang *geothermal* at mina sa Mt. Balatucan, kabilang ang Balatucan-Balingasag Geothermal Prospect,

DEMOLISYON. Limang indibidwal ang nasugatan, isa sa kanila ang kritikal, sa isinagawang demolisyon ng pamilyang Villar sa kabahayan sa Sityo Malipay III, Barangay Molino IV sa Bacoor, Cavite, noong Hunyo 18. Ipinagiba ng mga Villar ang mga bahay upang magtayo ng mga imprastruktura sa lugar.

Noong Hunyo 10, giniba ng 55 pinagsamang mga elemento ng SWAT at lokal na gubyerno ang kabahayan sa Sityo Kawayanan, Titus Street sa Barangay San Agustin, Novaliches, Quezon City. Ilang dekada nang nakatira sa lugar ang mga residente ngunit pinalalayas para bigyan-daan ang pagtatayo ng proyektong "Bistekville" ng lokal na gubyerno. AB

PKP, sumuporta sa panawagang imbestigasyon ng UNHRC

NAGPAHAYAG ANG PARTIDO Komunista ng Pilipinas (PKP) ng pagsuporta sa panawagan ng United Nations Human Rights Commission (UNHRC) na maglunsad ng imbestigasyon kaugnay ng sumisidhing kalagayan ng karapatang tao sa bansa sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Maliban sa malawakang pamamaslang, kinasangkutan din ng mga pwersang panseguridad ng estado ang mga kaso ng ilegal na pag-aresto, pagsampa ng gawagawang kaso, ligal na pandarahas, pagbabanta, armadong pananalakay sa mga komunidad, pangu-

ngubkob ng mga komunidad sa kanayunan, blokeyo sa pagkain at ekonomya, at iba pa.

Anito, dapat ding isailalim sa kritikal na imbestigasyon ang "gera kontra droga" at ang direktibang "kontra-insurhensya" ni Duterte para "wakasan ang lokal na komu-

nistang armadong pag-aalsa" at ang mga sangkap nito kabilang ang batas militar sa Mindanao, Memorandum Order 30, Oplan Kapayapaan, Oplan Sauron at Oplan Kapanatagan. Nararapat lamang na imbestigahan, isiwalat at kundenahin ang matinding mga pang-aabusong ito at iparinig sa buong mundo ang panawagang hustisya ng mamamayang Pilipino," pagwawakas ng PKP.

Rekonsentrasyon, hindi distribusyon

Malaking kalokohan ang kunwa'y pamamahagi ni Rodrigo Duterte ng mga pampublikong lupa sa mga magsasaka.

Sa likod nito, iniraratsada ng Department of Agrarian Reform (DAR) ang reklasipikasyon at pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural. Kalokohan ang ipinagyayabang ni Duterte na "pamamahagi ng lupa" samantalang minamadali ng kanyang guberno ang rekonsentrasyon ng mga ito sa kamay ng malalaking panginoong maylupa at burgesyang kumprador.

Mula Abril hanggang Mayo nitong taon, sunud-sunod ang paglalabas ng DAR ng mga administratibong kautusan para padulasin ang reklasipikasyon ng lupang agrikultural at kumbersyon ng mga ito sa "residensyal, komersyal at industriyal na gamit." Liban sa "pagpapasimple" ng mga proseso, nagbuo ang DAR ng espesyal na komite para sa pagpapabilis ng pagpapalit-gamit ng lupa at paggagawad ng mga eksampyon o paglilibre sa Comprehensive Agrarian Reform Program

(CARP).

Karugtong ang mga kautusang ito ng kautusang ehekutibo ni Duterte na naglalagay sa awtoridad ng presidente ang pag-apruba sa mga proyektong reklamasyon ng lupa sa mga baybayin ng malalaking syudad. Target ng kautusang ito ang pagpapabilis ng reklamasyon at pagkonsentra sa pangulo ng pakinabang mula sa pagtatayo ng mga komersyal na establisimento at paliparan sa mga lupa ng ito.

Pauna ang mga kautusang ito ng National Land Use Act, isang prayoridad na panukala ng rehimeng Duterte, na magbabago sa klasipikasyon ng lupa, partikular ang mga lupang agrikultural at kagubatan, alinsunod sa matagal nang giit ng mga *real estate developer*, malalaking kumpanyang agribisnes at iba pang malalaking kapitalista. Sa ilalim nito, malawakang aagawin ang mga lupang agrikultural mula sa

mga magsasaka at katutubo para itayo ang mga kalsada, paliparan, subdibisyon, gusali, dam, plantang pang-enerhiya at iba pang malalaking imprastruktura sa ilalim ng kanyang programang Build, Build, Build. Sa kanyang pagmamadali, nais ni Duterte na pabilisin ang aplikasyon para sa kumbersyon ng lupa mula 26-36 buwan tungo sa 30 araw na lamang..

Ayon sa datos ng estado, mula 1988 hanggang 2016, umaabot na sa 98,000 ektarya (kasinlaki ng buong Metro Manila at Cebu) ng mga lupang agrikultural ang kinumbert para sa residensyal, komersyal at industriyal na gamit. Wala pa sa bilang na ito ang mga aplikasyong hindi pa naaprubahan, mga lupang nireklasipika ng mga lokal na guberno at yaong ilegal na pinalitan ang gamit. Malaking bahagi nito ay nasa Luzon (80%), kadalakan sa mga rehiyon ng Calabarzon (Southern Tagalog) at Central Luzon. AB

SOT: Pagsasabatas ng kontraktwalisasyon

End ENDO mo mukha mo. Tila ito ang mensahe ng rehimeng US-Duterte sa mga manggagawa matapos iratsada ng Kongreso ang pagpasa sa Security of Tenure (katiyakan sa trabaho o SOT) Bill bago magsara ang ika-17 Kongreso.

Simula pa lamang ng termino ni Duterte, bukambibig na niya ang pangakong ibabasura ang kontraktwalisasyon. Noong 2017 at 2018, tinangka niyang paamuhin ang mga manggagawa sa pamamagitan ng paglalabas ng mga kautusan na kunwa'y nagtutulak ng regularisasyon ng mga manggagawa pero sa aktwal ay lalupang nagpapatibay sa mga iskema ng kontraktwalisasyon. Kabilang dito ang Department of Labor and Employment Order 174 noong 2017 at Executive Order 51 noong 2018 na parehong ibinasura ng mga grupo sa paggawa.

Tanda ng kawalang-saysay ng dalawang kautusan, ipinasa ni Duterte ang pananagutan para wakas ang kontraktwalisasyon sa Kongreso.

Kawalang katiyakan

Kabaliktaran sa pangalan nito, ang pinal na ipinang panukalang SOT sa Kongreso ay walang layuning bigyan ng katiyakan sa trabaho ang mga manggagawa. Hindi pagtatapos ang pakay nito kundi ligalisasyon ng kontraktwalisasyon. Mas malala pa ito sa mga kautusan ng DOLE at kautusang ehekutibo ni

Duterte dahil mas madaling bawiin ang mga kautusan kumpara sa isang naipasa nang batas.

Tulad ng naunang mga kautusan, pinahihintulutan ng SOT ang *job outsourcing* (o pagkuha ng mga manggagawa sa mga ahensya sa paggawa). Gaya ng ibang porma ng kontraktwalisasyon, inaabswelto nito ang mga kapitalista mula sa kanilang ligal na obligasyon sa mga manggagawa at ipinapasa ito sa mga kontraktor o mga ahensya. Pangunahing layunin nito na mapababa ang gastos ng mga kapitalista sa lakas-paggawa at ipagkait sa mga manggagawa ang kanilang mga karapatan sa trabaho.

Anito, ang mga trabahong

"SOT...", *sundan sa pahina 8*

CMO 20: Pakanang neoliberal sa edukasyon

Dismayado ang mga akademiko at dalubhasa sa pagpapatibay ng Korte Suprema noong Hunyo 11 sa kautusan ng Commission on Higher Education (CHED) na nagtanggag sa Filipino, Panitikan at Konstitusyon bilang rekisitong mga asignatura sa kurikulum pangkolehiyo. Nakapaloob ang kautusan sa CHED Memorandum Order Number 20 (CMO 20) na inilabas noon pang 2015 sa panahon ng rehimeng US-Aquino. Ang CMO 20 ay bahagi ng serye ng mga neoliberal na hakbang sa larangan ng edukasyon.

Bago pa ito, naipatupad na ang programang K-12 na nagdagdag ng dalawang taon sa hayskul para sa teknikal-bokasyunal na pag-aaral at naglimita sa mga estudyanteng makapagkolehiyo. Ang repormang ito sa elementarya at sekundaryang edukasyon ay nakatuon sa pagsasanay sa kabataang Pilipino alinsunod sa pangangailangan ng mga lokal at dayuhang kumpanya para sa mura, kimi at may mababa hanggang katamtamang kasanayan na lakas-paggawa.

Partikular sa edukasyong pangkolehiyo, sadya ang pagpapakipot sa kurikulum, pagbabawas ng mga aspeto (*less multifaceted*) at pagtutuo nito sa teknikal, syentipiko, propesyunal at kultural-ideolohikal na pagsasanay para pagsilbihin ang mga pangangailangan ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Sa ganitong balangkas iwina-waksi ng estado ang pag-aaral ng Filipino, Panitikan at Konstitusyon sa kolehiyo, mga asignaturang walang silbi sa neoliberal na balangkas. Sa nakaraan, ang mga asignaturang ito ay nagbigay-daan para makapagturo ang mga akademikong patriyotiko ng progresibo at

makabayang pananaw.

Ayon pa sa grupong Tanggol Wika, ang pambansang wika o Filipino ay isang "makabuluhang pangkulturang muhon para sa pambansang pagkakakilanlan... na nagsisilbing pahatiran ng komunikasyon sa pagitan ng mga etno-lingwistik na grupo at uri" laluna sa bansang may katangiang hiwa-hiwalay na pulo. Nagbibigay-daan ito sa pagkakaisa at pagkakaroon ng kapangyarihan ng mamamayan.

Ayon naman sa mga propesor sa University of the Philippines, mahalaga ang wikang Filipino at Panitikan sa "pagpapalalim ng mapanuri, malikhain, malaya at mapagpalayang kakayahan ng mga mag-aaral at mamamayan." Anila, hindi pag-uulit, kundi pagpapalawig sa teorya, praktika at silbi ang kurso at katulong ito sa paghubog ng kamalayang Pilipino.

Sinasalamin ng CMO 20 ang kawalang-interes ng reaksyunaryong estado na payabungin ang patriyotiko at pambansang kultura at pagkakakilanlan ng mga Pilipino.



Walang lugar o halaga sa itinakda nitong direksyon sa edukasyon ang pagpapaunlad ng isang makabayang kulturang pambansa. Hinahayaan nitong mamayagpag ang dayuhang interes at impluwensya para i-ayon ang panlasa ng mga Pilipino, laluna ang kabataan, sa pagtangkilik ng dayuhang mga produkto, kabilang ang mga produktong pangkultura, at tabunan ang kanilang obhetibong pagnanais para sa bansang nakapagsasarili.

Kailangan ng mamamayang Pilipino na ilantad hindi lamang ang CMO 20 kundi ang iba't ibang neoliberal na reporma sa edukasyon at ipaglaban ang tunay na patriyotiko, syentipiko at makamasang sistema ng edukasyon. AB

"SOT...", mula sa pahina 7

hindi maaaring i-*outsource* ay yaon lamang may direktang may kaugnayan sa pangunahing negosyo ng kumpanya.

Halimbawa, sa malalaking *mall*, maaaring sabihin ng kapitalista na hindi nila direktang ineempleyo ang kanilang mga *saleslady* kung ikakatwiran nila na ang pangunahin nilang negosyo ay pagpapaupa ng komersyal na espasyo at hindi ang pagbebenta ng mga produkto. Dati nang ginagamit ng malalaking burgesyang kumprador ang dahilang ito para panatilihin

kontraktwal ang kanilang mga manggagawa sa loob ng napakahabang panahon.

Wala ring pagkakaiba ang panukalang ito sa umiiral nang sistema, kung saan kunwa'y nagpapadala ang DOLE ng mga inspektor sa mga kumpanyang inirereklamong nagpapatupad ng kontraktwalisasyon. Sa halos lahat ng kasong isinailalim sa inspeksyon, laging kinakatigan ng DOLE ang mga kapitalista. Hindi katakatakang pumasa ang panukalang ito sa Kongreso at maluwag na tinanggap ng mga kapitalista. AB

Kalunus-lunos na kalagayan ng mga guro

Muling tumampok ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga guro nang lumaganap sa *social media* noong unang linggo ng Hunyo ang larawan ng isang dating kubeta na ginawang upisina ng dalawang guro. Inilahad ng naturang larawan ang napakatagal nang iniindang kakulangan ng pasilidad, gamit sa pagtuturo at iba pang pangangailangan ng mga guro at iba pang mga manggagawa sa sektor ng edukasyon.

Dahil sa kakulangan ng pondo, madalas pang manggagaling sa kanilang mga bulsa ang gamit sa pagtuturo tulad ng tisa. Pero higit dito ang kanilang hirap sa mababang sahod na ipinagpipilitan ng estado, at kahit ng kanilang kalihim na si Leonor Briones, na "sapat na."

Kulang na kulang na sweldo

Siyam na beses nang nangako si Duterte na itataas ang sweldo ng mga guro mula pa noong panahon ng kanyang pangangampanya. Pero hanggang ngayon ay nananatili itong pangako, at inuna pa niya ang pagdagdag sa sahod ng mga pulis at sundalo. Itinaas din niya ang sarili niyang sweldo nang halos 200%.

Sa kasalukuyan, umaabot lamang ang buwanang sahod ng mga guro sa P20,000 hanggang P22,000 kada buwan. Kung ibabawas ang

buwis, mga utang at iba pang bayarin, madalas na bumaba hanggang P5,000 ang kanilang naiuuwi. Daing ng mga guro, halos kalahati ng kanilang sahod ay ipinambabayad sa tubig at kuryente. Anumang matira ay pinagkakasya nila sa gastusin sa bahay gaya ng gamot at pagkain. Dahil kulang, kadalasang natutulak sila na mangutang sa Government Service Insurance System (GSIS), mga institusyon sa pautang at mga usurero.

Sa datos ng Department of Education, lumobo nang P18 bilyon ang pangkabuuang utang ng mga guro sa loob lamang ng dalawang taon—mula P301 bilyon noong 2017 tungong P319 bilyon ngayong taon. Halos kalahati nito (P157.4 bilyon) ay utang sa GSIS habang P162 bilyon naman mula sa mga pribadong institusyon. Wala pa rito ang

kanilang mga inutang mula sa mga usurero. Sa kaso ng pautang mula sa GSIS at mga pribadong institusyon, awtomatikong kinakaltasan ang sweldo ng gurong may utang hanggang sa mabayaran ito.

Matagal nang panawagan ng ACT Teachers Party na itaas ang sahod ng mga *entry-level* (bagong pasok) na mga guro tungong P30,000 kada buwan. Sa taya ng grupo, ito ang nakasasapat na sahod para sa isang pamilyang may limang myembro.

Alinsunod sa kalkulasyon ng Ibon Foundation, kailangan lamang ipatupad ang 30% buwis sa mga kumikita ng P50 milyon pataas para makalikom ng ipandadagdag sa sweldo ng mga guro. Makakaipon ang hakbang na ito nang hanggang P400 bilyon kada taon, mas mataas pa sa tinatayang P150 bilyon na kakailanganin para sa P10,000/buwan dagdag na sweldo. Ang naturang hakbang ay aapekto lamang sa 38,000 pinakamayayamang indibidwal o 0.04% ng populasyon sa bansa, ayon pa sa institusyon. **AB**

Mga problema sa transportasyon

Samuaring problema sa transportasyon ang araw-araw na tinitii ng mamamayang Pilipino laluna sa pambansang kabisera. Pinakalitaw dito ang mga problema ng trapik, sikip ng mga kalsada at kawalan ng sapat na pampublikong sistema sa transportasyon na nagdudulot ng malaking kabanwasan sa kanilang kita. Lalupa itong pinalalala ng mga pakana ng mga nakauupo sa poder, na sa kalakhan ay sumusunod sa kapritso ng malalaking kapitalista.

Ayon sa isang pag-aaral noong 2012, nakatirik nang abereyds na isang oras at anim na minuto kada araw ang isang pasahero sa Metro Manila dulot sa trapik. Katumbas ito ng 16 na araw sa isang taon. Tinatayang nawawala sa kanya ang hanggang P100,000 na maaari niyang kitain sa parehong panahon. Dahil dito, ipinagpapalagay na nawawalan ng P2.4 bilyon kada araw ang ekonomya ng bansa dahil sa trapik. Sa pangkalahatan, umaabot sa 2% hanggang 5% ang nawawala

sa *gross domestic product* dahil dito.

Lalo itong pinalalala ng pagdami ng mga pribadong sasakyan sa daan dulot ng mabababang pautang ng mga bangko para sa pagbili ng mga kotse. Tinatayang sa panahon ng *rush hour*, o oras ng pasukan at labasan ng mga empleyado at manggagawa, doble ang bilang ng mga sasakyan kumpara sa kakayahan ng mga kalsada. Dahil dito, mahigit doble ang haba ng panahong iginugol ng mga komyuter sa byahe.

Samantala, kulang na kulang

ang mga moda ng pampublikong transportasyon. Sa anim na sistema ng tren sa Metro Manila na may kahabaang 246 kilometro, mahigit 100% na ang *congestion* o sobra sa mga pasahero kumpara sa kakayahan ng mga bagon nito.

Dahil dito, marami sa mga pasahero ang tumatangkilik ng iba pang moda ng transportasyon tulad ng pribadong *van* at FX (o UV Express), at iba pa. Pinakahuli rito ang sistema ng *ride-sharing* o bayad na pakikisakay sa mga pribadong kotse o motorsiklo na pinangangasiwaan ng malalaking kumpanya tulad ng Grab at Angkas. Malaki ang iniaasa ng mga pasahero sa mga moda na ito sa kanilang pang-araw-araw na pagko-

"Transportasyon...", *sundan sa pahina 10*

Sino ang makikinabang sa pribatisasyon ng Clark Airport?

Bilyun-bilyong pisong pondo at mga kikkab ang pinakikinabangan ngayon ng malalaking burgesyang kumprador at burukrata-kapitalista sa pagpapatupad ng engrandeng mga proyektong pang-imprastruktura ng rehimeng US-Duterte. Kabilang sa mga ito ang Clark International Airport Expansion Project sa prubinsya ng Pampanga, isa sa mga mayor na proyekto sa ilalim ng programang Build, Build, Build ni Duterte.

Maka-negosyong proyekto

Isinangkalan ni Duterte ang sikip at ang tumataas na *demand* sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) sa pambansang kabisera para itulak ang pagtatayo ng bagong 82,000-ektaryang terminal sa Clark. Ito ay tinatayang may kapasidad na serbisyuhan ang dagdag na 8 milyong pasahero kada taon.

Para umano resolbahin ang nasabing problema, iginawad ng rehimen noong Disyembre 2017 sa Megawide Construction Corporation (MGC) at kasosyo nitong kumpanyang Indian na GMR Infrastructure Ltd. ang P9.36 bilyon pampublikong kontrata para sa ekspansyon ng paliparan sa Clark. Ito ay ipinatu-pad sa balangkas ng "hybrid" o binagong *public-private-partnership* (PPP) na nangangahulugang direktang papasanin ng mamamayan ang gastos para sa nasabing proyekto na sa kalaunan ay pagkakakitaan lamang ng mga lokal at dayuhang kapitalista.

Gamit ang badyet ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA), kasalukuyan nang itinatyayo ng konsorsyum ang nasabing imprastruktura. Sa pinakahu-

ling ulat ng guberno, 59% na ng bagong terminal ang naitayo at nakatakang matapos sa 2020.

Ang MGC ay pagmamay-ari ng kapitalistang si Edgar Saavedra, ika-35 pinakamayamang indibidwal sa bansa na nakapagtala ng \$245 milyong halaga ng pagmamay-ari (*net worth*) noong 2018. Katuwang niya sa kumpanya si Michael Cosiquien, ika-36 na pinakamayaman na nakapagtala naman ng \$240 milyon.

Higit pang pinatataba ng grandyosong programang pang-imprastruktura ng rehimen ang bursa ng dalawang kapitalistang ito. Sa pangkabuuan, limang proyektong PPP ang kasalukuyang pinangangasiwaan at pinagkakakitaan ng MGC. Ang konsorsyum na GMR-MGC rin ang ginawaran ng P17.52 bilyong kontrata ng rehimeng Aquino III noong 2010 para sa katulad na proyekto sa Mactan-Cebu International Airport.

Iniratsadang pribatisasyon

Matapos maglaan nang bilyun-bilyon para sa ekspansyon ng paliparan at kahit hindi pa tapos ang konstruksyon, iniratsada naman ni Duterte ang pagsubasta ng pama-

mahala sa operasyon at pagmamantine ng buong paliparan para higit pang tiyakin ang kita ng pribadong mga korporasyon. Ito ay alin-sunod sa dikta ng International Finance Corporation (IFC), ang ahensya ng World Bank na direktang namumuhunan sa mga pribadong kumpanya, na nagbalangkas ng kontrata para sa pribatisasyon ng paliparan.

Noong Disyembre, iginawad ng guberno ang kontrata sa Luzon International Premiere Airport Development Corp. (LIPAD), isang konsorsyum na pinangungunahan ng magkamag-anak na mga burgesyang kumprador na sina Josephine Gotianun-Yap ng Filinvest at Lance Gokongwei ng JG Summit. Nakatakang simulan ang operasyon sa ilalim ng pribadong konsorsyum ngayong Hulyo 21.

Ang Filinvest, na may pinakamalaking sapi sa konsorsyum (42.5%), ay pinamumunuan ni Josephine Gotianun-Yap. Siya ay anak ni Mercedes Gotianun, ika-17 pinakamayamang indibidwal sa bansa na nakapagtala ng \$1.15 bilyong halaga ng pagmamay-ari noong nakaraang taon. Ang mga Gotianun ang may-ari ng Filinvest na notoryus sa pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural tungong mga subdibisyon.

Ang JG Summit naman, na may

"Clark..." sundan sa pahina 11

"Transportasyon..." mula sa pahina 9

komyut. Kung kaya naman malaki ang kanilang disgusto sa mga patakaran ng nakaupong rehimen na nagpapahirap, imbes na nagpapagaan, sa kanilang byahe.

Kabilang sa mga patakarang ito ang regulasyon ng Land Transportation and Franchise Regulatory Board na ilimita sa mga terminal ang pagsakay at pagbaba ng mga pasahero ng UV Express. Gayundin ang regulasyon ng Metro Manila Development Authority (MMDA) na ipagbawal ang mga pamprubinsyang bus sa EDSA, ang daan na tumatahi sa maraming syudad sa Metro Manila, para ilimita sila sa mga nilalangaw na terminal sa magkabi-

lang dulo ng Kamaynilaan. Ang mga pakanang ito ay pahirap at dagdag gastos sa maraming pasahero. Peligroso rin ang mga ito laluna sa matatanda at mga may kapananan na umaasa sa direktang transportasyon.

Ang nagpapatuloy at lumalalang problema sa transportasyon ay malaking kabiguan ng rehimeng Duterte na seryosong isakatuparan ang pangmasang transportasyon para sa kapakinabangan ng mamamayan. Ang mga hakbanging ng rehimeng Duterte ay nagsisilbi lamang sa interes ng malalaking kapitalista laluna ang mga kumpanya sa langis, malalaking bangko, gumagawa ng mga kotse at pribadong sasakyan. AB

"Clark..." mula sa pahina 10

pangalawang pinakamalaking sapi sa konsorsyum (33%), ay kasalukuyang pinamumunuan ni Lance Gokongwei. Siya ay anak ni John Gokongwei Jr., ang ikatlong pinakamayamang indibidwal sa bansa na nakapagtala naman ng \$4.4 bilyong halaga ng pagmamay-ari. Ang mga Gokongwei ang may-ari ng Robinsons at Universal Robina Corporation na notoryus sa malawakang pagpapatupad ng kontraktwalisasyon.

Tiyak na gagawing palabigasan ang nasabing kontrata sa pribatisasyon. Sa ilalim nito ay malaya silang makapagtataka ng nagtataasang singil sa mga serbisyo ng paliparan. Kabilang sa maaari nilang pagkunan ng kita ang *terminal fee at parking fee* na karaniwang sinisingil sa mga pasahero.

Kung magpapataw ang konsorsyum ng P300 na *terminal fee/pasahero*, sa bagong terminal pa lamang ay maaari na itong magkamal nang aabot sa P2.4 bilyon/taon. Labas pa ito sa halagang maaari nitong kamkamin mula sa paniningil ng *aircraft parking at landing fee* sa mga kumpanya ng eroplano, at renta sa mga negosyo at establisimentong umuupa ng pwesto sa paliparan.


Dagdag pa rito, makakukuha rin

ang opereytor ng mga insentibo sa ilalim ng Build-Operate-Transfer Law, kabilang ang eksemption sa pagbabayad ng buwis sa loob ng apat hanggang anim na taon.

Sa lahat ng gaganansyahin nito, obligado lamang ang opereytor na magbayad ng P1 bilyon/taon sa BCDA sa loob ng sampung taon bilang bayad sa guberno.

Samantala, perwisyo naman ang dulot ng pribatisasyon sa mga empleyado ng paliparan. Wala pa ring kaseguruhan ang mga manggagawang regular sa magiging istatus

nila pagpasok ng bagong opereytor kahit pa sa nakasaad sa kontrata na makatatanggap sila ng "separation incentive package" at muling i-eepleyo. Kahit ang National Conciliation and Mediation Board ay walang imik nang tanungin ng mga manggagawa kung sila ba ay i-eepleyo pa ng bagong opereytor gaya ng nakasaad sa kontrata. Dagdag pa rito, hindi pa rin inaaprubahan ni Duterte ang "separation incentive package" na dapat nang matanggap ng apektadong mga manggagawa. **AB**



Nakakasukang pagkukunwari at korapsyon

Nitong Hunyo, pumutok ang ulat ng korapsyon sa loob ng Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth). Mismong si Harry Roque, dating tagapagsalita ni Rodrigo Duterte, ang nagbunyag na ang PhilHealth ay pinagnanakawan ng daan-daang bilyong piso.

Kabilang dito ang sobrang pagbabayad sa mga ospital, mga "upcasing" o paglilista halimbawa sa karaniwang ubo bilang pulmonya, pagdodoble ng mga listahan at resibo. Isa sa tumampok ang pagkubra ng Wellness Dialysis Center, isang pagamutan ng mga maysakit sa bato (kidney), ng pondo mula sa PhilHealth para sa mga gawa-gawa o kaya'y namatay nang mga pasyente.

Ayon sa mga ulat, mula lamang 2013, nawalan ang PhilHealth ng P154 bilyon. Malaking bahagi nito o

P102 bilyon ang ninakaw sa pamamagitan ng sobrang pagsingil, mga bogus na pagpapagamot, at pekeng mga pasyente.

Bilang tugon, kunwa'y pinagbitiw ni Duterte sa pwesto ang pinuno ng PhilHealth na si Roy Ferrer at ang katuwang na mga upisyal. Ang totoo, nais lamang niyang palitan si Ferrer. Lumutang na ang pangalan ni Ret. Brig. Gen. Ricardo Morales, kahit hindi siya kwalipikadong pamunuan ang institusyon. Ang pondo ng PhilHealth ay direktang

kinakaltas sa sahod mga manggagawa pareho sa pribado at pamublikong sektor. Dahil sa laki nito, isa ito sa pinakakapikipakinabang na pwesto sa bukrasya sibil.

Pana-panahon, pinalulutang ni Duterte ang mga kaso ng korapsyon ng kanyang guberno para magmukhang malinis ang kanyang paghahari. Hindi ito para linisin ang bukrasya ng mga tiwali kundi para bigyan-katwiran ang pagsasalit-salitan ng kanyang mga alipures sa pusiysyon, ipitin o tanggalin yaong mga hindi tumatalima sa kanyang plano, at ipwesto ang mga nais niyang upisyal militar sa binakanteng mga pwesto. **AB**